Philippine Biblical Worldview Institute

Systematic Theology ©

Conrad Jun Tolosa

Revised May 28, 2022

ST309. Soteriology: 9. Sanctification 1 of 2

May dalawang posibleng meaning ang Greek word ang ginamit sa salitang *sanctification*. Ang una ay ang pagbubukod at ang pangalawa ay ang pagbabanal. Ang pagbubukod ay may kinalalaman sa paghihirang ng Ama sa magiging bayan ng Diyos. Bago pa man likhain ang langit at lupa, ang mga hinirang na ito ay ibibigay ng Ama sa Anak na tataguriang Kanyang mga tupa.

Ang ikalawang kahulugan ng Sanctification ay ang pagbabanal. Nang likhain ng Diyos ang tao, siya ay natatangi. Naiiba sa lahat ng nilalang sapagkat ang tao ay nilikhang kawangis ng Diyos at upang isakatuparan ng tao ang layunin ng Diyos para sa sansinukob. Subalit dahil sa pagkahulog ng tao sa kasalanan, ang tao ay nawalay sa Diyos at ang kanyang pagkamakadiyos na pagkatao ay naging makasarili. Ito ang dahilang kung bakit ang mga hinirang ng Diyos ay mamarapatin, *in time*, na ibalik sa pagkabanal. Ito ang pagbabalik wangis sa wangis ng Diyos. Ang Sanctification, samakatuwid, ay may kaganapan both *in eternity* and *in time*. Ang paghihirang o election at pagtatalaga o predestination ay naganap sa kalooban ng Diyos in eternity. Ang paglalahad sa mga hiniriang at pagsasagawa ng itinalaga ng Diyos para sa mga hinirang ay isinasakatuparan *in time*.

Ang election ay tinataguriang positional. Ito ang ating relationship with God. At ito ay gawa ng Diyos lamang. Ito ay *monergistic* - it's His sovereign act and sovereign will. Samantala, ang pagsasakatuparan ng mga objectives ng predestination ay experiential o participatory. Ito ang pagsasapamuhay ng ating destiny o ng ating walk with God. May participation ang tao. *Synergistic* naman ang tawag dito.

Part I Ang Pagbubukod

Sa Kanyang high priestly prayer sa John 17:17-19, sinabi ni Cristo sa Diyos Ama ang ganito patungkol sa mga believers*, Ibukod Mo sila sa pamamagitan ng katotohanan; ang Iyong salita ay katotohanan. Tulad nang pagsugo Mo sa Akin sa mundo, isinugo Ko sila sa mundo. Para sa kanila ibinukod Ko ang Aking sarili, upang sa ganoon, tunay na sila ay maibukod din.*

May ilang bagay tayong dapat matutuhan sa mga salitang ito ni Cristo patungkol sa *Sanctification.* Ang Banal na Espiritu ang in-charge sa Sanctification process o ang pagbabanal sa buhay mga mananampalataya at ito ay pinatototohanan ng isang *inner struggle* sa kanyang buhay. Tulad nang experience ni Apostol Pablo na kanyang isinalaysay sa Romans 7:14-20 kung saan sinabi niya na, *Alam natin na ang batas ay spiritual; subalit ako ay laman, ipinagbili na alipin sa kasalanan. Hindi ko nauunawaan ang aking ginagawa. Sapagkat yaong gusto kong gawin ay hindi ko ginagawa, kundi yaong aking kinamumuhian ang aking ginagawa. At kung ginagawa ko ay yaong hindi ko naman gusto, sumasang-ayon ako na mabuti ang batas. Kaya nga, hindi na ako mismo ang gumagawa kundi ang kasalanan na nananahan sa akin. Alam ko na walang nananahang mabuti sa akin, sa aking makasalanang kalikasan. Sapagkat mayroon akong pagnanasa na gumawa ng Mabuti, subalit hindi ko ito maisagawa. Bagkos ang aking ginagawa ay hindi yaong mabuti na nais kong gawin; ang karimarimarim na hindi ko*

gustong gawin ang aking palagiang ginagawa. Kaya kung ginagawa ko yaong hindi ko nais gawin, hindi na ako ang gumagawa noon, kundi ang kasalanan na nananahan sa akin ang siyang gumagawa.

Part II Ang Pagbabanal

Tayo ay nagkakasala sapagkat tayo ay makasalanan mula't sapul. Ito ay sinang-ayunan ni Haring David sa Psalm 51:5, *Walang duda ako ay makasalanan nang ipanganak, makasalanan mula pa nang ako ay nabuo sa sinapupunan ng aking ina*.

Maliwanag na ang lahat ng tao na totoo sa sarili ay makaka-relate sa experience na ito ni Apostle Paul. Ang dapat na ating bigyang pansin sa pagkakataong ito ay ang sensitivity ni Paul patungkol sa mabuti o masama at tama o mali. Ito ay hindi nangyayari sa isang tao na hindi pa born again. Ang sensitivity sa karumihan ng kasalanan ay ebidensya ng *sanctification*.

Sa pagpapatuloy ni Apostle Paul, sinabi niya na napapansin ko ang isang nagpapatakbong prinsipyo. Kapag gusto kong gumawa ng mabuti, ang kabuktutan ay nandoroon na kasa-kasama ko. Ako nga ay nagagalak sa batas ng Diyos sa kailaliman ng aking pagkatao; subalit nakikita ko ang isa pang batas na naghahari sa lahat ng parte ng aking katawan na nakikipagdigma laban sa batas ng aking isipan. At ginagawa akong bilanggo ng batas ng kasalanang gumagalaw sa akin mga kasu-kasuan.

Dito natin maa-appreciate ang struggle ni Apostle Paul laban sa kasalanan. Subalit tulad nang nasabi na, ang isang tao na born-again ay nagiging super sensitive sa kapangyarihan ng kasalanan at sa karumihan nito. Ebidensya na gumagalaw ang Espiritu ng Diyos sa kanyang buhay.

Ang ating mga naisin at pagnanasa ay nananahan sa ating puso. Ang nasasa puso ng isang tao na hindi born-again ay pawang pang-sarili lamang. Ang tao na born-again ay may bagong espiritu at bagong pusong malambot sa kalooban ng Diyos. Ang kanyang pagnanasa ay makadiyos.

Sa Galatians 2:20, ang sabi Pablo ay ito: *Ako ay ipinako sa krus kasama Cristo at hindi na ako nabubuhay, kundi si Cristo ay nabubuhay sa akin.* Samakatuwid, ang isang tao na born-again ay mayroong dalawang uri ng pagnanasa. Ang makasalanang pagnanasa ng kanyang lumang puso at makadiyos na pagnanasa ng kanyang bagong puso. Malaya tayong pumili kung ano ang ating gagawin. Subalit sa pagkakataong ito, kaninong pagnanasa ang ating susundin – ang gusto ng lumang puso o bagong puso? Ang proseso ng sanctification ang nagpapatibay sa ating kalayaang sundin ang kalooban ng ating pusong makadiyos.

Paminsan-minsan ay mararamdaman ng isang believer na para siyang sumasakay sa roller coaster dahil sa pagkilos ng dalawang pwersang naglalabanan sa kanyang pagkatao. Huwag nating kalilimutan na ang digmaan na ito ay tunay upang huwag tayong manlupaypay at mauwi sa depression kapag nalulubog tayo sa mga dating kasalanang bumibilanggo sa atin. Sa sandaling tayo ay magkakasala, alalahanin nating maaari tayong dumulog sa trono ng biyaya ng Diyos sa pamamagitan ng panalangin ng paghingi ng kapatawaran. Ang malimit na paghingi ng tawad ay isa pang ebidensya na ang proceso ng sanctification ay nagpapatuloy sa buhay ng mananampalataya.

I. ***Multiple Choice***

1. Dalawa ang posibleng kahulugan ng sanctification – Pagbubukod at
   a. Paghihirang
   b. Pagbabanal
   c. Pagtutubos

2. Ang pagbubukod ay may kinalaman sa
   a. Paghirang ng Ama sa magiging bayan Niya
   b. Pagtubos sa bayan ng Diyos
   c. Paglikha sa bayan ng Diyos

3. Anong pangungusap ang hindi tama?
   a. Ang Sanctification ay ginanap in eternity and in time.
   b. Ang paghihirang at pagtatalaga ay naganap sa kalooban ng Diyos in time.
   c. Ang paglalahad sa mga hinirang ay isinasakatuparan in time.

4. Ang election ay monergistic dahil ito ay
   a. May bahagi ang tao nang siya ay tumanggap kay Cristo.
   b. Ginawa ng Diyos nang makita niyang tatanggapin siya ng tao.
   c. Sovereign will and sovereign act ng Diyos

5. Ang pagsasakatuparan ng objectives ng predestination ay synergistic sapagkat
   a. Ito ay participatory.
   b. Ito ay naganap in eternity.
   c. Ito ay gawa lamang ng Diyos.

6. Sa John 17:17, ang isang believer ay naibubukod sa pamamagitan ng
   a. Pagsunod sa Diyos
   b. Paglilingkod sa Diyos
   c. Katotohanan ng salita ng Diyos

7. Kapag ang believer ay nagkakaroon ng inner struggle, ito isang sign na
   a. Siya ay nawawala sa kanyang pag-iisip
   b. Siya ay nasa sanctification process
   c. Siya ay confused kung ano ang dapat niyang gawin

8. Ang isang ebidensya ng sanctification sa buhay ng mananampalataya ay ang
   a. Ang pagiging sensitive sa needs ng ibang tao.
   b. Ang pagiging sensitive sa karumihan ng kasalanan
   c. Ang pagiging sensitive kaya madali siyang masaktan

9. Ang mga pagnanasa na nanahan sa puso ng isang born-again ay
   a. Laging pansarili lamang
   b. Pagnanasa ng lumang puso at pagnanasa ng kanyang bagong puso
   c. Pagnanasa lamang ng bagong puso.

10. Alin sa mga pangungusap ang hindi tama?
    a. Ang mga nabubuhay na kay Cristo ay nagkakasala pa rin.
    b. Ang mga nabubuhay na kay Cristo ay hindi na nagkakasala.
    c. Ang mga nabubugay na kay Cristo ay humihingi agad ng kapatawaran sa kasalanang nagawa.

© Conrad Jun Tolosa 2022
All rights reserved. No part of this material may be reproduced, stored in a retrieval system, or transmitted in any form or by any means except for brief quotations for the purpose of review or comments, without the prior permission of the publisher, Philippine Biblical Worldview Foundation, Inc.